

Kalagayan ng mga Manggagawa sa Industriyang Coconut Coir: Isang Pagdalumat

Asia Pacific Journal of
Management and
Sustainable Development
Vol. 10, No. 3, pp. 96-105
September 2022
ISSN 2782-8557

Mary Ann D. Especial¹, Dr. Felisa D. Marbella², Marilyn N. Inocentes³
Sorsogon State University
delacruzmean21@gmail.com¹ felymarbella03@gmail.com²
maleneinocentes@gmail.com³

Date Received: November 15, 2021 ; Date Revised: February 1, 2022

Abstrak – Nasuri sa pag-aaral na ito ang kalagayan ng mga manggagawa sa industriyang coconut coir ng GUBAT AGRITECH INDUSTRIES COMPANY (GAICO) sa bayan ng Gubat, Sorsogon. Kuwantitatibong-kuwalitatibong pamamaraan ng pag-aaral ang ginamit. Stratified random sampling ang ginamit sa pagtukoy ng mga respondent. Ginamit sa pananaliksik na ito ang sarbey-kuwestyoner at Focus Group Discussion (FGD) sa pagkuha ng mga datos na kinailangan. Lumabas sa pag-aaral na karamihan ng mga manggagawa ay may edad 31-40; 55 porsyento ay nagmula sa Brgy. Dita na kung saan ito ang pinakamalapit na barangay sa GAICO, karamihan ding babae ang mga manggagawa at 5 taon o higit pa ang tagal sa pagtatrabaho, karamihang pagsasaka ang alternatibong hanapbuhay at maalam din sa larangan ng agrikultura ang mga manggagawa. Sa kabuoan, ang pagtataguyod sa produktong lokal na gawa ng mga manggagawa ng agri-industriyal handicraft ay isang malaking ambag upang makilala ang produktong Gubatnon. Inirerekomenda ng pag-aaral na isinagawa ang pagbibigay pansin sa kalagayan ng mga kababaihang manggagawa sa larangan ng kasanayan at kaalamang agrikultura; kabuhayan o pagbibigay ng suporta sa aspetong teknolohiya; community program tugon sa pagbabahagi ng kaalaman sa paggawa ng mga produkto mula sa coco-coir; at pagpapatupad ng Department Order No. 142 series of 2016, Amendment to DPWH Standard Specification for item 622- Coconut Bio-Engineering Solutions na ibig sabihin na mas mataas na pamantayan sa paggamit ng mga bio-engineering materials na kumokontrol sa soil erosion and slope stabilization.

Mga susing salita – GAICO, Industriyang CocoCoir, manggagawa, Sorsogon, sosyo-demograpiko

PANIMULA

Ang agrikultura ang magbibigay ng bago at maunlad na pag-aaral sa paglago ng isang agrikultural na produktong lokal na mula sa natural na pagkukuhanan ng mga tao sa komunidad. Ayon sa pag-aaral ni Shariati (2015), sa pagpapaunlad ng mga bansa napakamahalaga ng produkto na nagmumula sa agrikultura na siyang ding pagtaas ng manggagawa na sabay sa pag-usbong ng makabagong teknolohiya, ang pag-aaral sa larangan ng agrikultura ay mahalaga upang makita ang pangangailangan ng mga magsasaka [1]. Nagpapakita lamang sa pag-aaral na kinakailangan natin bigyang halaga ang mga sektor ng agrikultura.

Ayon sa pag-aaral ni Maiangwa (2010), ang paglago ng ekonomiya mula sa produktong agrikultura ay pinakamahalagang pagtuonan ng pansin kung ang layunin ay mapaunlad ang bansa [2]. At upang mapanatili ang intensipikasyon ng agrikultura mula sa pag-aangkat hanggang sa paglikha ng mga produktong handicraft hanggang sa pag-aangkat ng mga karatig bayan o bansa upang ipakita at tangkilin ang produktong lokal. Lumabas sa kaniyang pag-aaral ang mababa at walang nailalaang pondo sa mga

pananaliksik, kawalan ng mga magtuturo ng *scientific* at *technical staff*, at kawalan ng prayodidad sa pag-aaral ng pananaliksik ang kalimitan suliranin.

Ayon sa pag-aaral nina Oeng Anwarudin at Yoyon Haryanto (2016), layunin ng nagawang pananaliksik na masuri ang paraan ng pagganyak na tangkilin ang sektor ng arikultural; mahalaga ang gampanin ng mga bihasang magsasaka na maipakita sa mga kasalukuyang henerasyon mga kabataan ang kahalagahan ng sektor ng agrikultura, na siyang magiging sandigan ng mga susunod na henerasyon [3].

Ang coconut ay kilala sa tawag na niyog, isang produkto na mula sa puno ng niyog na naging pamilyar at nakilala mula sa Indo-Malayan sa panahon ng labindalawa at ikatlong siglo. Ginagamit ang niyog bilang sangkap sa pagkain, alak/inumin (wine), suka at oil nang dumating ang mga Espanyol sa Pilipinas [4]. Ang mga Bicolano ay kilala sa paggawa ng mga produkto na mula sa niyog, ginagamit ang niyog bilang gata sa pagkain, gaya ng ulam sa hapagkainan. Ang coconut ang isa sa pinakahanapbuhay o mapagkikitaan ng mga tao sa rehiyong Bicol na nagbibigay sigla sa ekonomiya nito.

Ayon kay DA Regional Executive Director Abelardo Bragas (2015), iminungkahi niya ang cacao at coconut bilang produkto; pinya sa Camarines Norte; papaya, kamatis at kilalang prutas at gulay sa Camarines Sur; abaca at mushroom sa Catanduanes; cassava for Masbate; at pili sa Sorsogon. Ang Sorsogon pili ay kilala hindi lamang sa bunga (nuts) maging sa dagta (resin) at pili pulp oil na mabisa bilang gamot [5]. Kilala ang pili bilang pangalawang puno ng buhay (tree of life) bukod sa coconut bilang produkto mula sa Bicol.

Ayon naman kina Milgrom at Roberts (1990), ang pagsulong teknolohikal ay mangangailangan ng mga manggagawa na kayang gumanap ng iba't ibang trabaho at responsibilidad [6]. Sa ganitong kondisyon nakalalamang ang mga sanay na manggagawa kung ihahambing sa mga hindi sanay na manggagawa. Hindi maikakaila ang pagbabago ng ating lipunan pagdating sa teknolohiya, lalo na sa mga industriya ng mga pagawaan ng produkto. Ang tao ay mas handang harapin ang mga pagbabago bunga ng inobasyon at pagsulong teknolohikal at makipagsabayan sa mga kasanayang napapaunlad sa makabagong panahon.

Nagbigay ng tatlong dahilan sina Desjardins at Rubenson (2011) kung paano ang pagbabagong teknolohikal na may kiling sa mga sanay na manggagawa ay nauuwi sa hindi pagtutugma sa bilihan ng paggawa [7]. Una, ang mga kasanayang nakuha ng mga manggagawa ay nawawalan ng saysay kapag mabagal ang mga kompanya sa pagpapatupad ng mga makabagong teknolohiya. Ikalawa, may insentibo para sa mga kompanya na kumuha ng mga manggagawang labis ang kasanayan bilang isang paniniguro sa pagdating ng mga pagbabagong teknolohikal na mangangailangan ng mga manggagawang may kakayahang matuto at makibagay. Ikatlo, ang mabilis na pagsulong teknikal ay lumilikha ng maling pananaw na ang mga kasalukuyang manggagawa ay kulang sa kasanayan dahil hindi isinasaalang-alang ang kasanayang nakuha sa karanasan at sa pagsasanay mula sa trabaho.

Ang probinsya ng Sorsogon ay may 52,370 bilang ng palayan ng niyog sa taong 2002 at ang coconut ang nanatiling medyor na permanent crop sa rehiyong Bicol [8]. Implikasyon lamang na ang pangunahing mapagkukuhanan ng hanapbuhay ng mga Sorsoganon ang pagkokopra at produkto mula sa niyog. Gayunpaman, hindi maikakaila ang pagkaubos ng mga produktong niyog dahil sa likas na kalamidad na nararanasan. Ang pagpapalawak ng lupain ng niyog ay isa sa mga lokal na suliranin ng produksiyon.

Mahalaga ang gampanin ng mga manggagawa o magsasaka ng niyog sa pagpapaunlad ng agrikultura ng Niyogan. Kaya naman, ang Philippine Coconut Authority (PCA) ay binigyang pagpapakilala na ang *coconut famer* ay lahat ng: 1) may pag-aari at magsasaka, 2) taong kumukuha at gumagawa ng produkto mula sa niyog at, 3) taong nagtrabaho sa isang sa lupain ng niyog/coconut at nagbebenta ng mga produkto mula sa kaniyang nagawa [9]. Ang paggawa ng mga produkto na mula sa niyog ay isang malikhaing gawain na nangangailangan ng angking galing sa paggawa at paghulma ng mga bagay na mula sa coir ng niyog. Marami ang mga produkto na maaaring magawa o makuha sa niyog.

Taong 2008, naglabas ng mandato ang DPWH ng isang Department Order No. 29, series of 2008, DPWH Standard Specifications for Coconut Bio-Engineering Solutions, Item 518, sang-ayon sa paggamit ng coconut Bio-Engineering solutions, item 518 para sa pagkontrol ng *soil erosion, slope stabilization* epektibo mula Enero 2008 hanggang Enero 2013. Sinundan naman ito ng Department Order No. 41 series 2010 na nagbibigay pahintulot at mandato sa paggamit ng coconut sa mga programa ng DPWH sa buong Pilipinas. At Department Order No. 142, series of 2016, Amendment to DPWH Standard Specification for Item 622- Coconut Bio-Engineering Solutions na naglalaman ng “upgraded standard specification for bio-engineering materials for controlling soil erosion and slope stabilization” [10].

Mula sa tala ng Philippine Coconut Coir and Coir by-Products Exporters, isa ang Gubat Agritech Industries Co. sa kilala na *exporter* ng coir sa lalawigan at ilan sa produkto ay na nai-export ay coconut coir, coco geotextile, cocolog, at coco doormat [11]. Mahalagang malaman at suriin ang kalagayan ng mga manggagawa, upang bigyang-tuon at pagpapahalaga sa pagpapaunlad sa ekonomiya ng Sorsoganon. Ang bawat komunidad ay may pag-unlad at paglago kung magiging bukas ang komunidad at mga tao sa pagbabago at pagsulong.

Ang GAICO (GUBAT AGRITECH INDUSTRIES COMPANY) ay isang *commercial and industrial agricultural service* na gumagawa ng *coir product* na makatutulong sa kapaligiran at *biodegradable approach* [12]. Layunin nito na suportahan ang layunin ng pamahalaan na magkaroon ng *eco-friendly* na produksiyon at mapanatili ang produktong lokal na makatutulong sa komunidad lalo na sa mga magsasaka. Ang Gubat Agritech Industries Co. ay inilunsad upang magtatag ng isang *coco coir*

processing mula sa *raw material* (coco husk), mula sa makabagong teknolohiya at lakas ng manggagawa maging sa pagsulong ng produktong Bikol. At higit na layunin nito na mas mapatatag ang trabahong lokal mula sa produktong makikita sa lugar at bigyang halaga ang mga produkto mula sa Bikol na maaaaring ipagmalaki sa loob at labas ng bansa.

Layunin ng pag-aaral na ito na maitaguyod ang produktong lokal na gawa ng mga manggagawa ng industriya ng agrikultura partikular sa manggagawa ng GAICO o *handicraft* upang malaman at makilala ang mga produktong gawa ng Gubatnon. Batay sa sariling perpektiba ng mga mananaliksik, magkakaroon ng ganap na katungkulan ang sinumang makalikha ng produkto mula sa lokal kung mas maipakikilala ang ganap na tungkulin at benepisyo nito sa buhay ng isang tao o komunidad. Naniniwala ang mga mananaliksik na magsisimula ang pag-unlad sa taong nais matuto at makilala ang produktong likha.

LAYUNIN NG PAG-AARAL

Layunin ng pag-aaral na ito na kumalap ng mga impormasyong kinakailangan para tuklasin ang kalagayan ng mga manggagawa ng industriyang *coco-coir*. Ang pag-aaral na ito ay naglalayong alamin ang sosyo-demograpikong katangian ng mga manggagawa ng GAICO, ang positibong naidulot ng GAICO sa kanilang a) pamumuhay b) sariling kasanayan, c) bilang mamamayan, masuri ang kaalaman agrikultura at programa para sa epektibong paglunsad ng produktong lokal lalo sa maliliit na manggagawa.

MGA KAGAMITAN AT PAMAMARAAN

Natiyak sa pag-aaral na ito ang kalagayan ng mga manggagawa sa Industriyang Coco Coir. Sa pangangalap ng datos sa pag-aaral, iba't ibang paraan ang ginamit sa pangangalap ng mga datos hinggil sa pag-aaral.

Kuwantitatibong-kuwalitatibong pamamaraan ang ginamit sa pag-aaral. At ang pagsasagawa ng sarbey gamit ang talatanungan para sa 120 na manggagawa ng GAICO at Focused Group Discussion (FGD) sa mga kawani sa pabrika, maging sa mga manggagawa. Ito ay upang magkaroon ng malaliman na pag-unawa sa daloy ng kaalamang agrikultura. Kabilang sa mga itinanong sa sarbey ang sosyo-demograpikong katangian, kaalaman sa agrikultura ng niyog at positibong ambag o naidulot ng GAICO sa mga manggagawa. Mahalagang malaman ang kalagayang pamumuhay ng mga manggagawa upang makapagbahagi ng angkop na programa at maging ang makapanayam ang mga kinauukulan o

namamahala hinggil sa mga programang naipatupad at programa para sa hinaharap kaugnay sa GAICO. Matapos maisagawa ang sarbey, prinoseso ang mga datos at ginamitan ng istatistikal na pamamaraan ng pagsusuri ang talatanungan na naglalaman ng personal na impormasyon, kalagayan sa pamumuhay, kakayahan at kaalamang agrikultura. Ang mga nalikom na datos ay inalisa, sinuri at binigyang interpretasyon gamit ang *frequency count* at ranggo.

Kalahok

Stratified random sampling ang ginamit sa pagtukoy ng mga respondent. May kabuoang bilang na isandaan at dalawampung (120) manggagawa ang GAICO. Ang mga kalahok ay mula sa iba't ibang barangay ng Gubat (Jupi, Carriedo, Tagaytay, Dita, Payawin, San Ignacio, Biriran at Ilan sa Bayan ng Casiguran).

Istatistikal Treatment ng Datos

Ang nakalap na datos at kasagutan ng mga kalahok ay sumailalim sa iba't ibang istadistika upang masuri, maanalisa at mabigyan ng interpretasyon ang mga datos na saklaw sa pag-aaral. Gumamit ng *frequency count* at pagranggo upang matukoy ang sosyo-demograpikong kalagayan ng mga manggagawa, maging sa larangan ng pamumuhay, kakayahan at estado sa komunidad. Sa kaalamang agrikultura naman, gumamit ng *mean* (x), sa pamamagitan ng iskala, binigyan ng interpretasyon ang bawat kaalamang agrikultura.

Mga Iskala

1.00-1.49
1.50-2.49
2.50-3.00

Interpretasyon

Walang Gaanong Alam
Kunti ang Alam
Maalam

RESULTA AT PAGTALAKAY

Inilahad sa bahaging ito ang interpretasyon sa mga nakalap na datos na makapagbibigay ng kasagutan sa mga suliraning inilahad sa mga nakuhang sagot batay sa resulta ng pag-aaral na ito.

Sosyo-demograpikong mga Katangian ng mga Manggagawa ng GAICO

Inilahad dito ang paglalarawan ng sosyo-demograpikong katangian ng mga manggagawa kaugnay sa edad, tirahan, kasarian, taon ng pagtatrabaho at kabuhayan bukod sa trabaho sa GAICO.

Talahanayan 1A

Profayl ng mga Respondent Ayon sa Edad		
Profayl	f	Ranggo
19-18	4	6
20-30	19	4
31-40	36	1
41-50	22	3
51-60	28	2
60-pataas	11	5

Makikita sa Talahanayan 1A ang profayl ng mga kalahok ayon sa edad, nangunguna ang edad 31-40 may bilang na 36. Pumapangalawa ang edad 51-60 na may bilang na 28 at pumapangatlo ang 41-50 na may 22 bilang. Pang-apat ang edad na 20-30 na may bilang na 19. Samantalang ang edad na 60-pataas ay may bilang na 11 at pang-anim ang edad na 19-pababa na may bilang na 6. Karamihan sa mga manggagawa ng GAICO ay nasa edad na 31-40, karaniwang edad ay 38. Ipinapahiwatig na ang mga manggagawa ay may kakayahang pisikal na magawa ang trabaho o gawaing mabibigat. Ang implikasyon ay maituturing na mga *expert* ang may edad na 31-40 na empleyado kaya hindi na masyadong kailangang turuan o dumaan sa pagsasanay o *training*.

Ayon sa pag-aaral ni Spence (1973), ang antas ng edukasyon ng isang aplikante, kasama ang kaniyang karanasan sa trabaho, lahi, edad, kasarian, at iba pang ulat ay maaaring maging kahalili sa hindi maobserbahang produktibidad ng manggagawa [13].

Talahanayan 1B

Profayl ng mga Respondent ayon sa Kanilang Tirahan		
Profayl	f	Ranggo
Jupi	17	3
Carriedo	26	2
Tagaytay	4	6
Payawin	7	5
Dita	55	1
Casiguran	1	7.5
San Ignacio	9	4
Biriran	1	7.5

Makikita sa Talahanayan 1B na Brgy. Dita ang nangunguna na may pinakamaraming manggagawa na may na 55 bilang, samantalang ang Brgy. Carriedo ay may 26; Brgy. Jupi na may 17; Brgy. San Ignacio na may 9; Brgy. Payawin na may 7 at Brgy. Biriran at Brgy. Casiguran na may kapuwa 1 ang bilang.

Ito ay may implikasyon lamang na higit na may alam ang mga tao na kalapit lang ng pagawaan kaysa

sa mga lugar o mga taong may kalayuan sa pagawaan at dahil na rin sa pandemya na limitado ang biyahe ng mga tao. Ang Brgy. Dita ay may 2.8 km distansiya mula sa pabrika. Ayon sa historikal na pag-aaral (mula sa pakikipagpanayam) ang Brgy. Dita ay dating Sitio ng Brgy. Jupi at kilala bilang Caragomy at nang lumaon ay tinawag na Dita mula sa “Dita” *tree*. Makikita rin sa mapa ng Munisipalidad ng Gubat na ang barangay na kalapit ay may distansiya mula sa pabrika tulad ng Brgy. Jupi (1.5 km), Brgy. Dita (2.8km), Brgy. Payawin (1.4 km) at Brgy. Carriedo (1.4 km) ang pinakamalapit na barangay sa mismong lokasyon o kinatitirikan ng pabrika ng GAICO. Sinuportahan naman ito ng tagamahala, mula sa isinagawang pakikipagpanayam na ang pabrika ang pangunahing kabuhayan at mapagkikitaan ng mga tao o komunidad. Mayroon namang lugar gaya ng San Ignacio (6.8 km mula sa pabrika) at Casiguran (23 km mula sa pabrika) na masasabing may kalayuan o may distansiya sa lugar ng pabrika, ayon sa pakikipagpanayam ang mga manggagawa sa nabanggit na lugar ay binubuo rin ng mga grupo o pamilyang nais magkaroon ng mapagkikitaan at kasanayan sa paggawa lalo na sa panahon ng pandemya.

Talahanayan 1C

Profayl ng mga Respondents ayon sa Kasarian		
Profayl	F	Ranggo
Babae	80	1
Lalaki	40	2

Makikita sa talahanayan 1C, profayl ng mga kalahok ayon sa kanilang kasarian, na nakahihigit ang babaeng manggagawa na 80 ang bilang samantalang ang mga lalaki ay 40 lamang. Marami sa mga babaeng manggagawa ay may asawa at mga anak na pinag-aaral. Implikasyon lamang ito na ang mga kababaihan o nanay ng tahanan ay gumagawa ng paraan upang makatulong sa gastusin at pangangailangan ng pamilya. Ayon sa pag-aaral ng Center for Women’s Resources (CWR) (2009), ang kawalan ng tunay na programa para sa kababaihan ang naging dahilan upang sila mismo ang nararapat na gumawa ng pamamaraan upang baguhin ang kanilang kalagayan [14]. Hindi taliwas ang kalagayan ng kababaihan sa lipunan. Ito ang hamon sa kababaihan at oportunidad na rin para magpukaw, mag-organisa, at magmobilisa ang mga kababaihan para sa tunay na pagbabago. Sinuportahan din ito ng mga ilan sa mga nakapanayam ng mga mananaliksik, “higit diumano naipapakita ang kanilang kakayahan at lakas kung mayroong ginagawa o pinagkakaabalahan”.

Bagaman hindi naman gaanong mabigat ang trabaho sa pabrika ay mas mabilis at nagiging produktibo ang mga manggagawa. Bagaman may likas na kakayahan ang mga kalalakihan na hindi kayang gawin ng mga kababaihan, nagpapakita lamang sa resulta ng pag-aaral ang ambag nila sa pag-usbong ng ekonomiya ng agrikultura.

Talahanayan 1D
Profayl ng mga Respondent sa Taon ng
Pagtatrabaho sa GAICO

Profayl	f	Ranggo
1-3 linggo	1	6
4-7 buwan	3	4.5
8-11 buwan	3	4.5
1-2 taon	27	2
3-4 taon	22	3
5 taon pataas	64	1

Makikita sa talahanayan 1D ang profayl ng mga respondent sa taon o tagal sa pagtatrabaho sa GAICO, nangunguna ang 5 taon pataas na may 64 bilang, sumunod ang 1-2 taon na may bilang na 27, pangatlo ang 3-4 taon na may 22 bilang. Samantalang ang 4-7 at 8-11 buwan ay may 3 bilang, gayundin din ang 1-3 linggo na may 1 bilang.

Ito ay may implikasyon na ang mga manggagawa ay likas ng marunong, alam at sanay sa gawain sa pabrika maging ang naitutulong nito sa pinansiyal at kasanayan na aspeto. Ayon naman kina Milgrom at Roberts (1990) ang pagsulong teknolohikal ay mangangailangan ng mga manggagawa na kayang gumanap ng iba't ibang trabaho at responsibilidad [15]. Sa ganitong kondisyon, nakalalamang ang mga sanay na manggagawa kung ihahambing sa mga hindi sanay na manggagawa. Ayon sa teorya ng itinalagang trabaho (job assignment theory), ang produktibidad ng manggagawa at ang kaniyang kita ay hindi lamang itinatakda ng kaniyang kahusayan sa pagtatrabaho ngunit sa uri ng trabahong naitalaga sa kaniya (Sattinger, 1993) [16]. Sa lawak at pagkakaiba ng mga trabaho ayon sa gawain, responsibilidad, inaasahang bubuoin, kasanayan at ginagamit na teknolohiya ay nagpapahiwatig na magkakaiba ang antas ng pagtatanghal ng nagawa ng isang grupo ng mga indibiduwal na manggagawa na pareho ang antas ng edukasyon sa paggawa ng parehong gawain. Samakatuwid, ang mga katangian ng mga trabaho ay sumasakop sa mga tagapamagitan ng hakbang sa pagitan ng mga katangian ng mga indibiduwal at ang kanilang kita.

Sa Talahanayan 1E, natukoy ang iba pang pinagkakaabalang gawain bukod sa pagtatrabaho ng mga manggagawa sa pabrika ng GAICO. Lumabas sa pag-aaral na ang pagsasaka na may 42 bilang ang higit na pinagkukuhanan ng kabuhayan, ang pagtanim ng gulay na may bilang na 34, at pumapangatlo naman ang babuyan o pag-aalaga ng baboy na may bilang na 20. Samantalang pang-apat naman ang pagtitinda ng mga lutong pagkain na may bilang na 15 at ang pagdadanan/pagkakatuong at pagtatahi ang panlima na bilang na 3.

Talahanayan 1E
Profayl ng mga Respondent sa
Larangan ng Hanapbuhay

Profayl	f	Ranggo
Babuyan/ pag-aalaga ng baboy	20	3
Sakahan/ pagsasaka	42	1
Pagtatanom sa gulay/Pagtanim ng gulay	34	2
Pagtitinda san pagkaon/Pagtitinda ng pagkain	15	4
Pagdadanan/pagkakatuong	3	5.5
Pagtarahi/ pagtatahi	3	5.5

Ayon sa pakikipagpanayam sa mga manggagawa, ang pagsasaka ang karaniwang alternatibong hanapbuhay dahil ito ang pangunahing kabuhayan sa kanilang lugar, maging ang mga taong may sakahan o pag-aaring sinasaka, bagaman ang sakahan ay *quarterly* o kada ikaapat na buwan lamang ang pagbubungkal at pag-aani, doon lamang kumikita sa pagsasaka. Ito ay nangangahulugan lamang na likas sa atin ang magkaroon ng mga gawain na pinagkakaabalanhan o paggawa ng gawain na mula sa napagkahiligan gaya ng pagluluto, pagtatahi at pag-aalaga ng mga hayop. Nagpapakita lamang ang pag-aaral na kinakailangang bigyang halaga ang mga sektor ng agrikultura.

Ang naibigay na Ambag ng GAICO sa Kanilang Pamumuhay, Sariling Kasanayan at Ambag bilang isang Mamamayan

Ipinapakita sa bahaging ito ang naibabahaging tulong ng GAICO sa larangan ng pamumuhay, kasanayang napaunlad at maging sa ambag ng mga manggagawa sa kanilang lipunan o komunidad.

Makikita sa Talahanayan 2A ang tulong na naibigay ng GAICO sa mga manggagawa sa larangan ng pamumuhay. Nangunguna ang nadagdagan ang kita

para sa pamilya na may bilang na 111, sumunod ay ang nakapagpaaral ng mga anak na may 49 na bilang at ikatlo ang nakapagpundar ng mga gamit sa bahay o gamit pansarili na may 43 na bilang. Sinundan ito ng naging mabuti ang buhay na may *frequency* na 28 at panghuli ang nagpatayo ng sariling tindahan, nakapagpaayos ng bahay na may bilang na 10.

Talahanayan 2A

Ambag ng GAICO sa Kanilang sa Pamumuhay		
Indikeytor	f	Ranggo
1.Nagmayad an buhay/ Naging mabuti ang buhay	28	4
2.Nadagdagan ang kita para sa pamilya	11 1	1
3.Nagpatindog sin tindahan, nakapabisay san balay (Nagpatayo ng sariling tindahan, nakapagpaayos ng bahay)	10	5
4.Nagpaeskwela san bata (Nakapagpaaral ng mga anak)	49	2
5. Nakapundar sin gamit sa balay o pansadiri na gamit (celpon, bike....) (Nagkaroon o naipundar ang gamit sa bahay o gamit pansarili (cellphone, bike ... etc.)	43	3

Ang implikasyon sa larangan ng pamumuhay bagaman ang nakukuhang kita sa pagtatrabaho sa pabrika ay hindi kalakihan, maaaring nakatutulong na ito sa pagtustos sa pang-araw-araw na pangangailangan ng pamilya gaya ng pagkain at iba pa. Sa pangkaraniwang tao na may pangkaraniwang pangangailangan, ang anumang halaga na nagiging kita sa paggawa ay siyang sandalan sa pangangailangan ng pamilya. Ito rin ang pagkakataon na nabibigyan ng pagkakataon na maitaguyod ang dignidad ng isang tao.

Mula sa pakikipagpanayam ng mga mananaliksik, ang kita ng manggagawa ay nakatutulong sa pang-araw-araw na gastusin ng kanilang pamilya at nagbibigay ng paunang tugon sa kanilang pangangailangan maging ang pagbibigay suporta sa mga anak na makapagtapos sa sekondarya at tersarya. Nagbigyan din ng paunang tugon sa manggagawa gaya ng pautang at pagbibigay ng “grocery” tuwing Kapaskuhan. Ilang din sa mga manggagawa ang nakapagpundar na rin ng mga gamit sa tahanan o sa pansarili gaya ng *cellphone*, *bisikleta* samantalang may nakapagbahagi na nagkaroon ng motorsiklo na hulugan na siyang ginagamit sa araw-

araw ng pamilya. Bilang isang ordinaryong mamamayan, ang maliit na bagay na nabibili mula sa kanilang pinaghihirapan ay lubos na pinapahalagahan at ikinasasaya ng kanilang kalooban.

Talahanayan 2B

Ambag ng GAICO sa Kanilang sa Sariling Kasanayan o Kakayahan

Indikeytor	f	Ranggo
1.Nagkamay-on sin kompyansa sa sadiri sa pagtrabaho (Nagkaroon ng kompiyansa sa sarili sa pagtrabaho)	60	5
2.Nagkamay-on sin kabarkada o kakilala (Nagkaroon ng kaibigan o kakilala)	70	2
3.Nag-asinso o nadagdagan an kaaraman sa paghimu sin gamit hali sa lubi (Umunlad o nadagdagan ang kaalaman sa paggawa ng <i>handicraft</i> mula sa niyog)	62	4
4. Naghatag sin talento sa paggibo sin produkto hali sa lubi. (Nagbigay ng talento sa paggawa ng produkto na gawa mula sa niyog.)	71	1
5. Nagkamay-on sin eksperyensa na makapagtrabaho. (Nagkaroon ng karanasan sa paggawa)	65	3

Makikita sa Talahanayan 2B ang tulong ng kooperatiba sa sariling kasanayan o kakayahan. Mahalaga sa isang indibiduwal ang pagkakaroon ng sariling kasanayan, dito nahuhubog ang pagkatao at pagkakilanlan sa sarili. Lumabas na nagbigay ng talento sa paggawa ng produkto na gawa mula sa niyog na may bilang na 71. Pumangalawa naman ang pagkakaroon ng kaibigan o kakilala na may 70 *frequency*, ang kasiyahan sa trabaho, asal sa trabaho ay maaaring gabay upang magkaroon ng produktibidad. Pangatlo naman ang pagkakaroon ng karanasan sa trabaho na may bilang na 65, sinundan ng nadagdagan ang kaalaman sa paggawa ng *handicraft* mula sa niyog na may 62 na sagot at nagkaroon ng kompiyansa sa sarili sa pagtrabaho na may bilang na 60.

Ayon sa pakikipagpanayam ng mga mananaliksik, karamihan sa kanilang manggagawa ay nagsimula nang walang karanasan sa paggawa ng web making o pagpisi. Natuto na lamang sila kapag nakikita at tinuturuan ng mga ilan sa matagal na sa pabrika o may alam sa paggawa.

Ang pagsasanay naman ay isang kondisyong kinakailangan ngunit ang dahilan ng pagtatrabaho ay

sapat na kondisyon upang makamit ang mga potensiyal na senyas ng produktibidad. Ang mga programa sa edukasyong teknikal at bokasyonal at pagsasanay (Technical Vocational Education Training) ay naisasagawa sa pamamagitan ng pakikisangkot ng mga kompanya, pabrika at institusyon, sa *dual training* ay napapaunlad ang pagsasanay upang mabalanse ang kaalamang teoretikal at praktikal [17]. Bagaman karamihan ng mga manggagawa ay kababaihan, sila ang naiwan sa tahanan, nag-aalaga ng mga anak kaya ang ganitong pagkakataon ang nagbibigay ng oportunidad upang sumubok ng karanasan ng pagtatrabaho at kumita ayon sa kanilang kakayahan.

Talahanayan 2C		
Ambag bilang Mamamayan sa Barangay		
Indikeytor	f	Ranggo
1. Nagkamay-on ngpakiaman o koneksyon sa kumunidad sa barangay (Nagkaroon ng pakialam o koneksyon sa kumunidad ng barangay)	55	4
2. Naghatag kompiyansa sa mga babaye na makapagtrabaho (Nagbigay kompiyansa sa mga kababaihan sa paghahanapbuhay)	73	1
3. Nakadanun sa pag-asenso san ekonomiyang bayan ng Gubat. (Nakatulong sa pag-asenso o pag-unlad ng ekonomiya sa Bayan ng Gubat)	54	5
4. Nakadanun sa pag-improve san produkto sa GAICO. (Nakatulong sa pag-unlad sa produkto ng GAICO)	72	2
5. Nakadanun san pangangaipo pag-abot sa kakulangan pinansyal gaya ng pagpautang. (Nakatulong sa pangangailangan gaya ng kakulangan pinansiyal ng mga miyembro (pagpapautang bilang alternatibong tugon ng kooperatiba).	59	3

Makikita sa talahanayan 2C ang tulong ng kooperatiba bilang mamamayan sa barangay, nangunguna ang nagbigay ng kompiyansa sa mga kababaihan sa paghahanapbuhay na may 73 na bilang. Pumangalawa naman ang nakatulong sa pag-unlad sa produkto ng GAICO na may bilang na 72.

Pangatlo ang nakatulong sa pangangailangan gaya ng kakulangan pinansiyal ng mga miyembro (pagpapautang bilang alternatibong tugon ng kooperatiba) na may 59 na sagot. Samantalang ang pagkakaroon ng pakialam/koneksiyon sa komunidad ng barangay na may bilang na 55 at nakatulong sa pag-asenso o pag-unlad ng ekonomiya sa Bayan ng Gubat na may bilang na 54 ay nabibilang sa pang-apat at panlimang ranggo.

Lumabas din sa pag-aaral na karamihan ng mga manggagawa ay mga kababaihan, ayon sa pag-aaral ng CWR (2009), ang kababaihan ang karaniwang nagtatrabaho ng doble at tumatanggap ng kahit anong trabaho kahit anupaman ang kondisyon sa paggawa [18]. Mula sa pakikipanayam ng mananaliksik, ilang manggagawa ang nagbahagi ng sari-sariling ideya sa produksiyon ng kanilang produkto gaya na lamang ng paggawa ng *doormat* mula sa *cococoir*. Nagkaroon din ng maliit na kooperatiba ang mga manggagawa kung saan binibigyan ng maliit na puhunan o pagpapautang ang mga miyembro at nagkakaroon ng paluwagan para sa nais magsimula ng maliit na negosyo. Ang mga produkto ng GAICO mula sa *cococoir* ay hindi direktang nailalabas mula sa merkado, nakadepende ito sa mamimili na nagmumula sa labas o loob ng probinsiya, walang direktang mamimili ang GAICO at nakadepende ang paggawa ng cocolog at coconet sa order mula sa proyekto ng lalawigan at pamilihan ng mga *handicraft*.

Kaalaman sa Pagniniyog ng mga Manggagawa

Inilahad sa bahaging ito ang resulta at interpretasyon sa kaalaman sa agrikultura ng mga manggagawa ng GAICO, mula sa bahagi, proseso hanggang sa benepisyong nakukuha sa niyog.

Makikita sa talahanayan 3 ang kaalaman sa pagniniyog ng mga manggagawa gaya ng paggawa ng produkto na mula sa niyog (coconet, doormat, cocolog) na may *weighted mean* na 2.83, ang kaalaman sa mga bahagi ng niyog na may *weighted mean* na 2.78; kaalaman sa mga produktong nakukuha sa niyog na may *weighted mean* na 2.77, ang tulong na naibibigay ng niyog sa kabuhayan gaya ng pagkokopra na may *weighted mean* 2.76. Samantala, ang kaalaman sa pagtanim ng niyog ay may *weighted mean* na 2.70 at ang kaalaman sa pagkuha ng niyog na may *weighted mean* na 2.61. Ang pagbabahagi ng iba pang sagot na may *weighted mean* na 2.56, karamihan ng sagot ng mga manggagawa ay tsek lamang.

Talahanayan 3
Kaalaman sa Pagniniyog ng Manggagawa

Indikeytor	Weighted Mean	Interpretasyon	Ranggo
1. Parte san lubi (Bahagi ng niyog - coco coir, bao, at iba pa)	2.78	Maalam	2
2. Benepisyo san kada parte san lubi/ (Benepisyo na nakukuha sa bawat bahagi ng niyog gaya ng gata - kopra/ <i>seasoning</i> sa pagkain at iba pa)	2.54	Maalam	8
3. Kapakinabangan san lubi sa sulod san lawas (Nakukuhang benepisyo na makatutulong sa kalusugan ng tao)	2.42	Kunti ang Alam	9
4. Danun san lubi sa kabuhayan (Tulong na naibibigay ng niyog sa kabuhayan gaya ng pagkokopra)	2.76	Maalam	4
5. Pagtanum san lubi (pagtatanim ng niyog)	2.70	Maalam	5
6. Pag-ani san lubi (pagkuha ng niyog)	2.61	Maalam	6
7. Produkto na nakukuha hali sa lubi (produkto na nakukuha mula sa niyog).	2.77	Maalam	3
8. Paghimu san produkto hali sa lubi (pisi, doormat) (paggawa ng produkto na mula sa niyog (coconet, doormat,))	2.83	Maalam	1
9. Pagsiway, pagtambak o pagtatabi san mga parte san lubi. (Paghihiwalay, pagtatambak o pagtatabi ng mga bahagi ng niyog.)	2.16	Kaunti ang alam	10
10. At iba pa (pakisurat tabi an simbaga na wara sa pilian)/ at iba pa (pakilagay ang sagot na wala sa pagpipilian)	2.56	Maalam	7
Kabuoan	2.61	Maalam	

May ilan naman na nagbigay ng kanilang sagot gaya ng *“pag-iipon ng mga bunot (coir) para makadagdag sa kita o produkto san lubi”*, *“gabos na hali sa lubi naka danon sa tawo”* (lahat ng galing sa niyog ay makatutulong), *“pa goring san bagol na hali sa lubi”* (paggawa ng uling), *“marunong kaming gumawa ng lubid gamit ang lubi (niyog)*.

Samantalang ang kaalaman sa benepisyo na nakukuha sa bawat bahagi ng niyog (gata- kopra/ *seasoning* sa pagkain at iba pa) ay may *weighted mean* na 2.54. Nakukuhang benepisyo na makatutulong sa kalusugan ng tao (hal. coconut virgin oil) na may *weighted mean* na 2.42 at ang kaalaman sa paghihiwalay, pagtatambak o pagtatabi ng mga bahagi

ng niyog ay may *weighted mean* na 2.16 na may interpretasyong kaunti ang alam.

Ang implikasyon ng resulta ng pag-aaral na maalam sa larangan ng agrikultura ng niyog ang mga manggagawa ay nagpapakita din ng pagiging malikhain at madiskarte sa paggawa ng mga produktong gawa mula sa niyog. Bagaman kakikitaan din sila ng kakulangan sa kaalaman sa benepisyo sa katawan at paraan ng pagtatambak o paghihiwalay ng mga bahagi ng niyog. Bagaman maalam na ang mga manggagawa, nararapat lamang na bigyan o dagdagan ang kaalaman sa aspetong benepisyo upang madagdag sa kanilang mapagkikitaan. Mayaman sa produkto mula sa agrikultura ang Sorsogon, ang pagkokopra ang pangunahing alam at napagkikitaan ng mga magsasaka ng niyog, dahil iyon ang nakasanayan at karaniwang ginagawa.

Kapag ang mga lokal ay kasama sa buong proseso ng pagkalap ng impormasyon, pagsusuri nito, pagpili kung saan gagawa ng aksiyon, at pagsasagawa ng mga plano, makukuha nila ang mga kaalaman kung paano isasagawa ang kabuhayan kapag sila-sila na lang sa hinaharap [19]. Ayon sa tagapamahala ng GAICO, kalimitan ang mga manggagawa ay nakikibahagi sa pagtulong sa pagpapaunlad ng produkto ng pabrika, marahil diumano ang mga manggagawa ay sanay na sa gawain kaya hindi na nag-aatubiling maghanap ng ibang oportunidad na trabaho. Sa kabilang banda, ayon rin kina Petersen at Pedersen (2010), may pagsubok sa partisipasyon, ang dalawang konsepto sa sikolohiya na *self-efficacy* at *learned helplessness*. Ang *self-efficacy* ay tumutukoy sa pagtingin ng isang indibiduwal kung makaaambag ba siya ng mga kapaki-pakinabang na impormasyon. Ang *learned helplessness* naman ay tumutukoy sa pananaw, na dahil hindi gaanong nakaiimpluwensiya ang mahihirap sa buhay nila, maaari nilang maging ugali ang kawalan ng pag-asa at pagiging pasibo, at titigil silang makisali sa mga gawain na sa huli ay maaaring magpaginhawa sa kanilang buhay.

KONGKLUSYON AT REKOMENDASYON

Batay sa mga natuklasan, nabuo ang mga sumusunod na kongklusyon: Iba’t iba ang sosyo-demograpikong katangian ng mga manggagawa ayon sa edad, tirahan, kasarian, taon ng pagtatrabaho at kabuhayan bukod sa trabaho sa GAICO. Malaki ang naiambag na tulong ng pabrika ng GAICO sa pamumuhay, kasanayan o kakayahang indibiduwal at maging ang tungkulin bilang mamamayan na nagbibigay kompiyansa sa mga kababaihan sa

paghanapbuhay. Maalam ang mga manggagawa ng GAICO sa agrikultura lalo't ito ay tungkol sa produkto, benepisyong pamamaraan na ginagawa sa niyog.

Sa kabuoan, sinasalamin ng pananaliksik na ito ang tunay na kalagayan ng mga manggagawang agri-industry sa Sorsogon, kaya naman inirerekomenda ang mga sumusunod:

- a. Manggagawa ng GAICO. Bigyang pagpapahalaga ang kasanayan na napapaunlad sa mga kababaihang manggagawa, lumalabas na malaki ang ambag ng mga kababaihan sa pagpapaunlad ng agrikultura, nakadaragdang din sa talento, kita at kompiyansa sa sarili.
- b. Kabuhayan o pagbibigay ng suporta sa mga manggagawa sa aspeto ng teknolohiya. Bagaman lumabas sa pag-aaral na may alternatibong napagkukuhanan ang mga manggagawa, mahalaga ang pagkakaroon ng sapat na kaalaman sa iba't ibang paggawa o produkto na malilikha o makukuha sa niyog, upang maging produktibo at malikhain gaya ng mga *handicraft* na gawa sa bao ng niyog. Ipinapanukala din ang inihahain at kinakailangan bigyang-pansin ang pagtugon ng ilang suliranin gaya ng kasapatan ng teknolohiya na maaaring magamit at pagbibigay ng suporta sa pamumuhunan, pagsasanay at mga polisiyang makatutulong sa mga maliit na manggagawa.
- c. *Community Program* para sa mga nais maging bahagi o magkaroon ng kaalaman ang komunidad. Sa pakikipagpanayam sa tagapamahala, isa sa mga programang nais bigyang-tuon ang pagkakaroon ng *community program* na layuning makapagbahagi ng kaalaman sa paggawa ng mga produkto ng *coco-coir* maging ang halaga ng *cocolog* sa kapaligiran lalo sa mga *slope protection* at *erosion control*.
- d. Paghigpit na pagpapatupad ng Department Order No. 142, series of 2016, Amendment to DPWH Standard Specification for Item 622- Coconut Bio-Engineering Solutions. Iugnay ang mga manggagawa sa mga eksperto, na ibig sabihin na mas mataas na pamantayan sa paggamit ng mga *bio-engineering materials* na kumokontrol sa *soil erosion* and *slope stabilization*. Mahalaga na maipaliwanag ang kahalagahan at tulong ng mga *cocolog* sa ating kapaligiran. Sa ganitong paraan, madaragdagan ang kompiyansa sa paggawa ng *cocolog* at mabibigyan ng solusyon ang suliranin ng probinsiya sa suliranin sa *soil erosion* at bilang angkop na solusyon tuwing may kalamidad o hamon sa ating kapaligiran.

REFERENCES

- [1] The role of research and development in agriculture and its dependent concepts in agriculture. https://www.researchgate.net/publication/296573044_the_role_of_research_and_development_in_agriculture_and_its_dependent_concepts_in_agriculture#:~:text=agriculture
- [2] Importance, problems and reform of agricultural research in Africa (2010). Retrieve from <https://www.ajol.info/index.php/joafss/article/view/71650>
- [3] Oeng Anwarudin & Yoyon Haryanto (2016). The role of farmer-to-farmer extension as a motivator for the agriculture young generation. *International Journal Of Social Science And Economic Research*. Volume:03, Issue:01 "January 2018"
- [4] Carlos, J. (2016). Environment, food, health, life, opinion, young voices speak, youth." Coconut – the tree of life. : <http://www.healthydp.com/coconut-tree/>
- [5] A review of Agricultural sector in Bicol Region . <https://psa.gov.ph/content/review-agriculture-sector-bicol-region>
- [6] Milgrom, P. & J. Roberts (1990). The economics of modern manufacturing: technology, strategy, and organization. *American economic review*, 80, 511-528.
- [7] Desjardins, R. & K. Rubenson (2011). An analysis of skill mismatch using direct measures of skills. *Oecd education working paper series*, no. 63. oecd publishing. Retrieve from <http://dx.doi.org/10.1787/5kg3nh9h52g5-en>
- [8] A review of agricultural sector in Bicol Region. (October 26, 2004). Retrieve from. <https://psa.gov.ph/content/review-agriculture-sector-bicol-region>
- [9] "Philippine coconut authority- coconut farmers bulletin annual report" chairman's report to the presidents, PCA. Q.C. Retrieve from http://www.pep-net.org/sites/pep-net.org/files/typo3doc/pdf/cbms_country_proj_profiles/philippines/training_materials/
- [10] Department Order No. 142, series of 2016, Amendment to DPWH standard specification for item 622- coconut bio-engineering solutions. Retrieve from https://www.dpwh.gov.ph/dpwh/sites/default/files/issuances/do_142_s2016.pdf
- [11] List of Philippine coconut coir and coir by-products exporters. Retrieve from

- <https://www.pinoynegosyo.net/directory/list-of-philippine-coconut-coir-and-coir-by-products-exporters-216.html>
- [12] Gubat Agritech Industries Company. <https://pilipinas.worldorgs.com/katalogo/gubat/industrial-area/gubat-agritech-industries-company>
- [13] Spence, M.A. (1973). Job market Signaling the Quarterly Journal of Economics, 87(3), 355-374.
- [14] Sarbey hinggil sa sosyo-ekonomikong kalagayan at pamumuhay ng mga kababaihan. Sa ilang piling maralitang komunidad sa bansa. Retrieve from <https://dokumen.tips/documents/sarbey-hinggil-sa-kahirapan-final-hinggil-sa-kahirapanaa-sarbey-hinggil.html>
- [15] Milgrom, P. & J. Roberts (1990). The economics of modern manufacturing: Technology, Strategy, and organization. American economic review, 80, 511-528.
- [16] Sattinger, M. (1993). Statistical discrimination with employment criteria, discussion papers 93-01, University at Albany, Suny, Department of Economics.
- [17] Nelson, R.R. & E.S. Phelps (1966). Investment in humans, technological diffusion, and economic growth. American economic review, 56, 69-75.
- [18] Sarbey hinggil sa sosyo-ekonomikong kalagayan at pamumuhay ng mga kababaihan. Sa ilang piling maralitang komunidad sa bansa. <https://dokumen.tips/documents/sarbey-hinggil-sa-kahirapan-final-hinggil-sa-kahirapanaa-sarbey-hinggil.html>
- [19] Ramirez, S. (2015). Kabuhayan por da pipol, by da pipol. Demokratikong pagsasagawa ng angkop at likas-kayang kabuhayan para sa mga maralitang pamilya sa barangay 178, Camarin, Caloocan city. pp.24 Retrieve from <http://dSPACE.cas.upm.edu.ph/xmlui/bitstream/handle/123456789/999/e172.pdf?sequence=1&isAllowed=y>

COPYRIGHTS

Copyright of this article is retained by the author/s, with first publication rights granted to APJEP. This is an open-access article distributed under the terms and conditions of the Creative Commons Attribution license (<http://creativecommons.org/licenses/by/4>).